# Gabay para sa Essential Trip Discount Card (May Diskwentong Kard para sa Mahalagang Biyahe)

## MAGPLANO

Maaaring mag-apply ang mga matatanda (edad 65 taon at mas matanda pa) o mga taong may mga kapansanan para sa Essential Trip Discount Card sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 at pagbanggit sa Essential Trip Card.

Sa oras na ikaw ay maka-enrol, tatanggap ka ng isang Essential Trip Card sa koreo. Ang bawat Essential Trip Card ay naka-encode sa katangi-tanging paraan upang isama ang petsa ng pagkawala ng bisa sa pagiging karapat-dapat, numero ng ID at isang 16-digit na numero ng debit card. Gagamitin mo ang card na ito para sa iyong mga pagsakay sa taxi. Sa oras na mai-anunsyo ng SFMTA ang katapusan ng pansamantala at espesyal na programang ito, maaaring ubusin ng mga kasali ang anumang natitirang halagang nasa Essential Trip Card.

Ikaw lamang ang maaaring gumamit ng iyong Essential Trip Card upang bayaran ang isang Biyaheng Ginamitan ng Essential Trip Card. Ilegal ang pagpapahintulot sa ibang taong gumamit ng iyong card. Ang gawaing ito ay mauuwi sa suspensyon o pagpapawalang-bisa ng iyong mga pribilehiyo sa pagsakay ng taxi sa ilalim ng programang ito, at maaari kang sumailalim sa kriminal na prosekyusyon.

Magagamit ang mga serbisyo ng taxi ng 24 na oras kada araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon. Sa panahon ng shelter-in-place (utos na manatili sa bahay), dapat lamang bumiyahe ang mga San Franciscan kung kailangan. Maaari mong gamitin ang Essential Trip Discount Card para sa mahahalagang biyaheng magagawa mo sana sa Muni, gaya ng mga medikal na appointment at mga serbisyo at pamimili ng pagkain sa buong San Francisco.

**Pag-activate sa iyong Essential Trip Card:**

Sa oras na matanggap mo ang iyong Essential Trip Card, kakailanganin itong mai-activate ng SF Paratransit staff bago ito magamit. Magkakaroon ng sticker sa Essential Trip Card na may mga tagubilin sa pag-activate.

Para sa tulong o mga katanungan tungkol sa pag-activate ng iyong Essential Trip Card, mangyaring makipag-ugnay sa SF Paratransit Office sa pamamagitan ng pagtawag sa 415.351.7000.

Bago gawin ang unang pagbiyahe, siguraduhing pinirmahan mo ang likod ng iyong card. Kung hindi mo kayang pirmahan ang card, ilimbag o ipalimbag sa iba ang "UTS" (unable to sign o hindi makapirma) sa bahaging pipirmahan.

## Paggamit ng mga Serbisyo ng Taxi

### Pagpili sa kumpanya ng taxi na tatawagan

Sa oras na magparehistro ka para sa Essential Trip Discount Card, maaari mong tawagan ang anumang kumpanya ng taxi na nagpapatakbo sa San Francisco. Ang lahat ng kumpanya ng taxi sa San Francisco ay nakikibahagi sa programang Essential Trip Card.

### Alamin kung aling mga taxi ang mapaglilingkuran ang iyong mga pangangailangan sa paggalaw

Karamihan sa mga taxi sa loob ng San Francisco ay hybrid-powered na mga sedan o SUV. Ang mga taxi na ito ay may sapat na espasyong pag-iimbakan para ang driver ay makapagtupi o makapaglagay ng isang walker o mobility device (aparato sa paggalaw) pagkatapos mong sumakay. Dagdag dito, ang "mga ramp taxi" na may mga rampang madadaanan ng wheelchair ay tumatakbo sa loob ng San Francisco. Kung bumibiyahe ka gamit ang wheelchair o katulad na mobility device at hindi makaalis mula sa iyong mobility device, siguraduhing humiling ng isang ramp taxi. Tingnan ang Taxi Directory (Direktoryo ng Taxi) para sa listahan ng mga

kumpanya ng taxi na nagpapatakbo ng mga ramp taxi na matatagpuan sa pakete ng oryentasyon para sa iyong Essential Trip Card o online sa SFMTA.com/TaxiDirectory.

## Alamin kung paano tumawag ng taxi

### *Sa Kalye*

Sa mga mas mataong lugar sa lungsod, malamang na makakita ka ng mga masasakyang taxi sa kalye. Ang mga masasakyang taxi ay may nakabukas na ilaw sa bubong ng sasakyan. Hindi tulad ng iba pang mga pribadong serbisyong pantransportasyon, maaaring tawagin ang mga taxi sa kalye. Tumawag ng taxi sa pamamagitan ng pagkaway sa masasakyang taxi mula sa dulo ng bangketa.

### *Sa Pamamagitan ng Telepono*

Ang lahat ng kumpanya ng taxi sa San Francisco ay kaanib ng dispatch service (serbisyong nagpapadala ng taxi) sa pamamagitan ng telepono na maaari mong tawagan upang humiling ng agarang pagsundo o patiunang pag-iskedyul ng taxi. Ang mga dispatch service na ito ay magagamit ng 24 na oras sa isang araw. Tingnan ang aming Taxi Directory (na matatagpuan sa iyong pakete ng impormasyon para sa programang Essential Trip Discount) o online sa SFMTA.com/TaxiDirectory para sa listahan ng mga kumpanya ng taxi para sa mga numero ng telepono ng kanilang dispatch. Nagpapanatili rin kami ng listahan ng mga Driver ng Ramp Taxi sa SFMTA.com/RampTaxiDirectory na maaari mong piliing tawagan nang direkta upang magpa-iskedyul ng sakay (na matatagpuan din sa pakete ng oryentasyon para sa iyong Essential Trip Card kung isinaad mong gumagamit ka ng wheelchair noong nag-enrol ka).

### *Sa Pamamagitan ng Smart Phone o Tablet*

Pinahihintulutan ka ng Flywheel app na hilingin ang iyong pagsakay sa taxi gamit ang iyong smartphone o tablet. Nagbibigay rin ito ng mga live view ng mga taxi na nasa malapit lang at ang mga oras ng pagdating. Maaari ka pang humiling ng ramp taxi sa pamamagitan ng app. Ang Flywheel app ay nagpapahintulot sa iyong gamitin ang iyong Essential Trip Card sa halip na isang credit card upang mag-sign up at tumawag ng masasakyan. Dagdagan ang kaalaman tungkol sa pag-download ng Flywheel app sa flyer na kalakip ng iyong pakete ng oryentasyon para sa Essential Trip Discount Card.

## Kailan Tatawag ng Taxi

Tawagan ang kumpanya ng taxi o mag-e-hail ng iyong taxi sa oras na malaman mong kakailanganin mo ito, ngunit hindi bababa ng 30 minuto bago mo talagang kailangang sumakay. Dahil mas kaunti ang magagamit na mga sasakyang ramp taxi na madadaanan ng wheelchair, inirerekomenda naming patiuna kang tumawag ng isang oras bago ang oras na gusto mong masundo ng mga taxi na ito.

Kung kailangan mong magtakda ng isang appointment, siguraduhing nagpapahintulot ka ng sapat na oras para makarating doon. Kahit na direkta ang mga pagsakay ng taxi, kailangan mong magpahintulot ng sapat na oras para sa driver na dumaan sa trapiko.

Kapag humiling ka ng isang taxi, pakinggan nang mabuti ang itatanong ng dispatcher (tagapagpadala ng taxi). Mas mabuting serbisyo ang maibibigay ng kumpanya ng taxi kung mas marami ang maibibigay mong detalye. Mangyaring abisuhan ang dispatcher ng taxi kung gusto mo ng sasakyang sedan sa halip na minivan; pagsusumikapan nilang paunlakan ang iyong kahilingan. Kung gumagamit ka ng wheelchair (o sasakay kasama ang isang taong gumagamit ng wheelchair), mangyaring siguraduhing agad mong sinasabi sa kumpanyang dispatcher ng taxi na kailangan mo ng ramp taxi na madadaanan ng wheelchair.

Sa panahon ng mga holiday, mga araw bago ang mga holiday, tuwing Biyernes ng hapon, o sa anumang oras kapag masama ang panahon, maaaring maging mas mahirap para sa iyong makakuha ng taxi. Mangyaring isaisip ito kapag humihiling ng serbisyo ng sedan o ramp taxi at magpahintulot ng ekstrang oras.

Kung pagkatapos ng 20 minuto ay hindi dumating ang iyong taxi, tumawag muli at alamin ang kalagayan nito. Kung nagpasya kang magsaayos ng alternatibong transportasyon o kaya mong tumawag ng taxi sa kalye, mangyaring siguraduhing tumawag at kinakansela ang iyong kahilingan bago sumakay sa inabangang taxi o bago tumawag sa iba pang kumpanya ng taxi.

## Pagsakay nang may kasama

Pinahihintulutan ka ng San Francisco Transportation Code na sumakay sa taxi na may pinakamaraming bilang ng mga taong ligtas na maisasakay (kadalasan apat na adult). Ngunit inirerekomenda namin ang pinakamaraming dalawang

pasahero bukod sa driver. Dapat umupo sa likurang upuan ng sasakyan ang mga pasahero upang maiwasan ang pagiging malapit sa pagitan ng driver at mga sumasakay. Walang ekstrang pamasahe ang kailangan para sa mga dagdag na pasahero.

### Pagbibiyahe kasama ang mga Bata

Kung bibiyahe ka kasama ang batang mas mababa sa edad na walong (8) taon na mas mababa sa apat na talampakan at siyam na pulgada (4’9”) ang taas, dapat kang magkaroon ng child safety seat (ligtas na mauupuan ng bata) nang sa gayon ay ligtas mong maiuupo ang bata alinsunod sa batas ng California. Ang anumang child seat na ginamit sa Essential Trip Discount Card ay dapat na tumugon sa mga pamantayan ng Estado ng California para sa batang nasa ganoong laki at edad. Maaaring tumulong ang driver kung dahil sa iyong kapansanan ay hindi mo mahigpitan ang upuan.

## SUMAKAY

### Kapag sumasakay ka sa Taxi

Bawasan ang mga panganib sa iyong sarili at sa iyong driver: Upang malimitahan ang panganib sa parehong mga sumasakay at driver, ipinagkakaloob sa mga taxi ang inaprubahan ng CDC na sanitizer upang linisin ang madalas na nahahawakang ibabaw. Hinihiling namin sa mga sasakyang gampanan ang kanilang bahagi sa pamamagitan ng paghuhugas ng kanilang mga kamay nang mabuti o paggamit ng hand sanitizer bago at pagkatapos ng mga biyahe ng taxi, pagsuot ng mask o telang pantakip sa mukha kung posible, pag-ubo o pagbahing sa tisyu o loob ng siko at hindi paghipo sa kanilang mga mukha. Hinihikayat din namin ang mga sumasakay na linisin ang kanilang debit card, child seat, o anumang bagay kung saan tumulong ang driver o sinuman na buhatin at iangkas gamit ang nagsa-sanitize na panlinis, bago at pagkatapos ng iyong biyahe.

Pagbabayad: Bago ang simula ng biyahe, ipaalam sa driver na gagamit ka ng Essential Trip Card Pagkatapos ay isu-swipe mo ang iyong card upang maberipika na mayroon kang sapat na pondo sa iyong account upang bayaran ang biyahe. Kung walang sapat na halaga, maaari mong gamitin ang natitirang halaga sa

iyong Essential Trip Cart at bayaran ang karagdagang halaga ng iyong biyahe gamit ang cash o credit card. Kung walang lamang ang iyong account, dapat mong bayaran ang buong biyahe ng iba pang paraan ng pagbabayad.

Kung gusto mong malaman ang buong balanse ng iyong account sa Essential Trip Card, tumawag nang walang bayad sa 877.SFTAXI.1 (877.738.2941).

**Sa katapusan ng iyong biyahe**

Ipapaalam sa iyo ng driver ang halaga ng biyahe mula sa metro ng taxi. Para magbayad, i-swipe ang iyong Essential Trip Card sa payment device (aparato para sa pagbabayad) sa likurang upuan ng sasakyan.

Kasalukuyang pinahihintulutan ang pagbibigay ng tip gamit ang Essential Trip Card. Kung pinili mong magbigay ng tip, awtomatikong kakalkulahin ng system ang tip sa 10% ng sakay, hanggang sa pinakamataas na $2 at ibabawas ito mula sa balanse ng account sa Essential Trip Card kasama ang halaga ng pamasahe. Maaari mo ring piliing mag-tip ng cash.

Magpi-print ang driver ng dalawang resibo – isa para sa iyo upang pirmahan at ibalik at isa para sa iyo upang itago mo para sa iyong mga rekord. Makikita sa iyong resibo ang natitirang balanse sa iyong account sa Essential Trip Card pagkatapos ng biyaheng kakakumpleto mo pa lamang. Para sa iyong pagkapribado, makikita ang balanseng $75 sa iyong resibo kung ang iyong balanse ay mas malaki sa $75.

Kung hindi gumagana ang iyong debit card o ang makinang nagpoproseso ng debit card ay hindi tinatanggap ang card:

1. Siguraduhing ginagamit mo ang na-activate na Essential Trip Discount Card.
2. Hilingin sa iyong taxi driver na iusad ang sasakyan ng ilang talampakan dahil maaaring nasa lugar ka na pumipigil sa iyong makakuha ng cellular reception upang iproseso ang pagbabayad.
3. Kung hindi pa rin nagpoproseso, hilinging punan ng taxi driver ang de-papel na “Manual Receipt” (Resibong Susulatan) at patawagan sa driver ang numero ng teleponong nakalista sa resibo upang makuha ang code sa pag-apruba.

Hindi ka dapat atasang bayaran ang buong metro gamit ang personal mong pera kung walang sapat sa pondo sa iyong account para sa Essential Trip Card. Mangyaring iulat ang anumang problema sa SF Paratransit sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 415.351.7052.

Pagkatapos ng iyong biyahe, hugasan ang iyong mga kamay nang mabuti gamit ang sabon at tubig o gamit ang hand sanitizer. Inirerekomenda rin namin ang paglilinis ng iyong debit card, child seat, at anumang bagay na isinakay ng driver o ninuman o tumulong sa iyong magbuhat gamit ang nagsa-sanitize na panlinis.

## Mga Ipinagbabawal na Paggamit sa Essential Trip Card

Sa iyong pakete ng impormasyon ay may listahan ng mga ipinagbabawal na paggamit ng debit card na maaaring mauwi sa pagkasuspinde o pagpapawalang-bisa ng iyong Essential Trip Card. Ang anumang mapanlokong paggamit ay magreresulta sa agad na pagpapawalang-bisa nito. May karapatang umapela ang mga customer.

## Pagkawala ng bisa

Pansamantalang magiging aktibo ang iyong card habang aktibo ang programa. Ang pagiging karapat-dapat para sa Essential Trip Card ay magtatapos sa oras ng pag-aanunsyo ng SFMTA na magtatapos ang programa. Sa oras na mai-anunsyo ng SFMTA ang katapusan ng pansamantala at espesyal na programang ito, maaaring ubusin ng mga kasali ang anumang natitirang halagang nasa Essential Trip Card.

## Mga Reklamo at Pagpuri

Kung nagkaroon ka ng positibo o negatibong karanasan sa isang taxi, ikalulugod naming marinig ang tungkol dito. Iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 at ibahagi ang iyong mga katanungan o saloobin, kabilang ang mga kaukulang detalye gaya ng pangalan ng kumpanya at numero ng sasakyan.

### Lost and Found (Nawala at Natagpuan) ng Taxi

Sa kasamaang-palad, nangyayari ito sa ating lahat paminsan-minsan. Narito ang listahan ng gagawin para mabawi ang mga nawalang pag-aari.

- Kung kilala mo ang kumpanya ng taxi na iyong ginagamit, mangyaring direktang makipag-ugnay sa kanila. Magbibigay ito sa iyo ng mga agarang resulta.
- Kung hindi mo maalala ang kumpanya ng taxi, tumawag sa 311. Bibigyan ka ng numero ng insidente sa telepono o sa pamamagitan ng email. Itabi ito upang mapagsanggunian sa hinaharap.
- Para sa mga tawag mula sa labas ng San Francisco, tumawag sa 415.701.2311.

Kung natagpuan ang nawala mong gamit, makikipag-ugnayan kami sa iyo.

## MAGBAYAD

### Buwanang Paglalaan

Kapag ini-activate mo ang iyong card, gagabayan ka ng SF Paratransit staff sa kung paano maglo-load ng pera dito kada buwan. Kung magbabayad ka ng $6, tatanggap ka ng halagang $30 sa iyong debit card, o kung magbabayad ka ng $12, tatanggap ka ng $60. Ang pinakamalaking halaga ng buwanang paglalaan sa debit card ay $60.

Ang iyong buwanang petsa ng pagbili ay itatakda sa petsa ng iyong pagbili. Kung nakaligtaan mo ang orihinal na panahon, at sa susunod na magdagdag ka ng halaga sa iyong Essential Trip Card ay sampu o higit pang araw pagkatapos ng iyong itinakdang petsa ng pagbili, magtatalaga kami ng bagong petsa ng pagbili para sa iyo. Halimbawa, kung ang petsa ng iyong pagbili at sa ika-5 araw ng buwan at hindi ka bumili hanggang sa ika-18, ang iyong bagong petsa ng pagbili ay magiging isa ika-18 araw ng sumunod na buwan.

Maaaring idagdag ang mga pondo sa iyong Essential Trip Card sa iyong buwanang petsa ng pagbili o sa inilaang panahon ng iyong pagbili online, sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng koreo o nang personal:

- Online sa SFParatransitTaxi.SFMTA.com
- Sa pamamagitan ng telepono sa 415.351.7000.
- Sa pamamagitan ng pagpapadala ng tseke o money order sa SF Paratransit Brokers Office, 68 12th Street, 1st Floor San Francisco, CA 94103. Iukol ang iyong tseke o money order sa "SF Paratransit". Isulat ang numero ng iyong SF Paratransit ID sa iyong tseke, at "Essential Trip Discount" sa memo ng tseke.
- Pagsasaayos na magbayad sa pamamagitan ng cash sa pamamagitan ng pagtawag sa sa 415.351.7000.

Sa pamamagitan ng SF Paratransit Taxi Online, maaari mong malaman ang balanse sa iyong card at ang halaga sa iyong nakareserbang account, bumili, pag-aralan ang kasaysayan ng iyong pagbili, tingnan ang iyong pagbiyahe sa taxi kamakailan, at malaman kung kailan ang iyong susunod na petsa ng pagbili at iulat ang nawala o ninakaw na card.

**Pagtingin sa iyhong balanse:**

Mayroong apat na paraan para matingnan ang balanse sa Essential Trip Card:
1. Tumawag sa walang bayad na automated voice response system sa 877.SFTAXI.1 (877.738.2941) at sundin ang mga tagubilin.
2. Maaari mong i-swipe ang iyong card sa payment device sa anumang taxi upang i-print ang resibo kung saan nakalagay ang iyong balanse. Kung mayroon kang mahigit sa $75 na halaga sa iyong card, isasaad sa resibo ang $75+ para sa mga dahilan ng pagkapribado.
3. Mag-log in sa iyong account sa SF Paratransit Taxi Online.
4. Tumawag sa tanggapan ng SF Paratransit sa 415.351.7052 at hilingin sa customer service representative (kinatawang nagbibigay-serbisyo sa customer) na tingnan ang iyong balanse.